# FABalita

OPISYAL NA BUWANANG PAHAYAGAN NG AUTHORITY OF THE FREEPORT AREA OF BATAAN

freeportareaofbataan | freeportareaofbataan | info@afab.gov.ph | #WEareFAB


> "Makakaasa kayo na kami ay mananatiling nakaagapay sa inyong mga manggagawa sa maraming aspeto ng inyong pamumuhay at paggawa. Ipagpapatuloy po namin ang ating pagsisikap upang pagyabungin ang iba't ibang aspeto ng inyong buhay at paggawa."

# FAB Workers General Assembly, isinagawa kasama si Administrator Pangandaman at Governor Joet Garcia

Bilang pagtupad sa ipinangakong regular na pagdaraos ng Freeport Area of Bataan (FAB) Workers General Assembly, higit 200 na manggagawa ng FAB ang nagtipon sa AFAB Auditorium noong 22 Agosto 2023 upang makibahagi sa nasabing produktibo at makabuluhang gawain.



Boses ng masa - matagumpay na naisagawang muli ang pagsasama-sama ng mga manggagawa ng FAB sa pangunguna ng Authority of the Freeport Area of Bataan, katuwang ang local at provincial government ng Bataan.


Doon personal na nakasalamuha ng mga manggagawa ng FAB ang mga lider na sina AFAB Administrator Mohammed Hussein Pangandaman, AFAB Deputy Administrator for Operations Atty. Michael Angelo P. Paderanga, mga kawani ng Mariveles LGU, at Bataan Governor Jose Enrique S. Garcia III.

Bilang bahagi ng programa, malugod na binati nina Administrator Pangandaman at Deputy Administrator for Operations Atty. Paderanga ang mga dumalo sa kani-kanilang mga mensahe. Nagkaroon din ng ng learning session ang HDMF (PagIBIG Fund) tungkol sa kanilang mga programa at sinundan naman ito ng mga palaro't papremyong nagbigay-giliw sa lahat. Nakapag-uwi rin ang mga kalahok ng tig-lilimang sakong bigas mula sa AFAB.

Layunin ng gawaing ito na direktang maiparating ng ating mga manggagawa ang kanilang mga katanungan at suhestiyon sa AFAB, sa pamahalaang bayan ng Mariveles, pamahalaang panlalawigan ng Bataan, at mga katuwang nitong ahensya.

Inaasahang mauulit muli ang naturang gawain sa darating na buwan ng Setyembre. ■

# Lab For All Medical Caravan ni First Lady Liza Marcos, matagumpay na idinaos sa FAB



Paghahatid ng libreng laboratoryo, konsulta, at gamot sa mga benepisyaryo ng LAB for All Medical Caravan.

Mula sa iba't-ibang panig ng bansa, nakarating na rin sa Freeport Area of Bataan (FAB) ang "Lab for All" Medical Caravan ni First Lady Marie Louise "Liza" Araneta-Marcos noong 07 Agosto 2023.

Sa pakikipagtulungan ng Authority of the Freeport Area of Bataan (AFAB), 501 na mga manggagawa gayundin ang kani-kanilang mga pamilya ang nakinabang sa nasabing aktibidad. Batid naman sa mga lumahok ang galak at pasasalamat sa pagkakataong makakuha ng libreng laboratoryo, konsulta, at gamot.

Isa lamang ito sa mga pagsisikap ng AFAB na magbigay serbisyo-publiko lalo at higit pa nang napasailalim sa state of calamity ang buong lalawigan ng Bataan dulot ng bagyong Egay at Falcon.

Hangad ni First Lady Liza Marcos na ihatid ang libreng serbisyong medikal sa mga higit na nangangailangan nito dahilan ng malawakang paglunsad ng programa sa iba't ibang panig ng bansa. ■

# Dayuhang kumpanyang Plug-and-Play, bumisita sa FAB



Mula sa kaliwa: APAC Senior Director for Corporate Partnerships Patricia Nordstrom, Filipino Silicon Valley veteran at APAC Co-Founder Jojo Flores, Executive Chairman at Founder ng DFNN Group Ramon Garcia, AFAB Administrator Mohammed Hussein P. Pangangaman, AFAB Chief of Staff Augusto "Bing" H. Kimpo, APAC Senior Manager for Corporate Partnerships Sarah Perez, at Jupe Tan, Managing Partner, APAC SVP, International. ■

**Patuloy ang pakikipag-usap ni Authority of the Freeport Area of Bataan (AFAB) Administrator Mohammed Hussein P. Pangandaman sa venture capital firm na Plug-and-Play matapos nitong ipakilala ang Freeport Area of Bataan (FAB) sa dayuhang kumpanya sa nakaraang Asia Pacific Summit na ginanap sa Singapore noong Hunyo.**

Kaugnay nito, malugod na tinanggap ng AFAB ang pagbisita ng Plug-and-Play sa Freeport noong 22 Agosto 2023 para ipagpatuloy ang nasimulang diskusyon tungkol sa pagpapalawig ng makabago at digital na industriya sa FAB.

Sa kanilang nakaraang pagtitipon sa Singapore, matatandaang ipinagmalaki ni Administrator Pangandaman ang FAB sa mga technology startups sa kalakhang Asya-Pasipiko bilang isang ideyal na lokasyon para sa pag-usbong ng mga makabagong industriya, partikular na ang mga digital-based enterprises. ■

# Pasukan na naman! AFAB, naglunsad muli ng Back-to-School Program









Nakatanggap ng 5 galong pintura, 4 pirasong paint brush, 1 galong alcohol, 1 galong disinfectant solution, at 3 ream ng bond paper ang mga napiling paaralan sa FAB at FAB Expansion Areas. Magiliw namang tinanggap ng mga benepisyaryo ang mga kagamitang pang-eskwela tulad ng bags na may lamang kuwaderno, bolpen, pangkulay, lapis, at pambura. ■

Bilang handog ng Authority of the Freeport Area of Bataan (AFAB) para sa mga guro't estudyante ngayong pasukan, 400 na estudyante ang binigyan nito ng Back-to-School Program packages, habang 9 na eskwelahan naman ang nakatanggap ng mga donasyon para sa Brigada Eskwela.

Pangunahing benepisyaryo ng Back-to-School Program ay mga manggagawa sa Freeport Area of Bataan (FAB), kung saan nakatanggap sila ng bag at school supplies. Samantala, mga kagamitang makatutulong sa paglilinis ng mga silid-aralan naman ang natanggap ng piling paaralan sa FAB Expansion Areas (FEAs) sa iba't ibang bahagi ng Bataan bilang suporta sa Brigada Eskwela.

Taunang isinasagawa ng AFAB ang mga programang ito upang magsilbing tulong pang-edukasyon sa pamilyang itinataguyod ng mga manggagawa ng FAB pati na rin sa mga paaralang nasasakupan ng FEAs. ■

# FAB BITS



Presidential Communications Office
Freedom of Information-Program Management Office

This
CERTIFICATE OF COMPLIANCE
is presented to the

Authority of the Freeport Area of Bataan

for being fully-compliant with the set of Freedom of Information (FOI) requirements as validated by the Presidential Communications Office, pursuant to Section 5.0 of Memoramdum Circular No. 2022-1, issued by the Inter-Agency Task Force on the Harmonization of National Government Performance Monitoring Information and Reporting Systems (Task Force Administrative Order 25, s. 2011).

ATTY. CHELOY VELICARIA-GARAFIL, MNSA
Secretary and FOI Champion
Presidential Communications Office

2022 FOI COMPLIANT

Ginawarang muli ng PCOO ang AFAB ng sertipikong nagpapatunay nang mahigpit nitong pagsunod sa mga alituntunin kaugnay ang freedom of information at transparency. Patunay ito na patuloy ang pagsisikap ng AFAB sa pagpapanatili ng malinis at tapat nitong pagbibigay serbisyo-publiko. ■



Bilang pagbisita sa kanilang mahal na kababayan, lumipad ang mga Miyembro ng Parlamento ng Bangsamoro Autonomous Region in Muslim Mindanao (BARMM) mula sa isla ng Mindanao patungong Bataan upang personal na iabot ang plake ng pagkilala sa bagong Administrator ng Authority of the Freeport Area of Bataan (AFAB) na si G. Mohammed Hussein P. Pangandaman. ■



Bunga ng pakikipagtulungan ng AFAB at ng BGHMC, isang Blood Donation Activity ang isinagawa sa AFAB Sports Complex na nilahukan ng mga 40 donors na pawang mga manggagawa ng Freeport Area of Bataan at mga kababayan nating Mariveleños. ■



Layunin ng AFAB na lalong mapag-igi ang kaalaman ng ating mga PUV Operators at Drivers sa pamamagitan ng ginanap na Road Safety and Basic First Aid Training noong ika-22 ng Agosto 2023 sa Romalaines, Mariveles, Bataan. ■